# SI HESUS ANG ATING KAPAYAPAAN

**(Ang Kapangyarihan ng Mahahalagang Sandali)**

**The Lord's Flock Worship Service Topic**

By: Rev. Fr. Glen Galao, Missionaries of God's Love

Disyembre 27, 2025

Ang iba't ibang artist ay nagpakita ng maraming interpretasyon ng unang Pasko batay sa kanilang geographical origins at cultural backgrounds. Ngunit paano natin mailalarawan ang kapanganakan ni Hesus batay sa Bible? Kung may nakikita tayong mga texts sa Bible, dapat alalahanin natin ang Verbum Domini Post-Synodal Apostolic Exhortation of Pope Benedict XVI, na sinasabing "ang Salita ng Diyos ay nangungusap sa bawat kultura." Kaya, ang pag-intindi natin sa Nativity ay depende sa ating cultural acceptance ng Unang Pasko.

1. Ano ang importanteng konsepto para maalala ang unang Pasko sa Banal na Kasulatan?
   Dapat ma-establish natin ang "sitzim leben" isang German term na ang ibig sabihin ay life setting. Sa biblical na pag-aaral, tumutukoy ito sa buhay sa pamayanan, kung saan may mga tekstong nagawa, nagamit, at naiparating. Ito ay mahalaga para maintindihan ang orihinal na layunin at kahulugan ng manunulat. Kung mababasa natin ang Nativity (Lk 2:1-7), dapat alamin natin ang mga sumusunod:
   - 1.1 Oras at pangyayari noong kinausap si Maria ng anghel
   - 1.2 Klima
   - 1.3 Life setting
   - 1.4 Kasalukuyang pangyayari sa oras na iyon
   - 1.5 Mga taong nandoon noong ipinanganak si Hesus

2. Ano ang kalagayan ng buhay noong ipinanganak si Hesus? Ipinanganak si Hesus sa:
   - 2.1 Gitna ng kaguluhan at ingay, dahil panahon ito ng census kung saan lahat ay papuntang Judea para magpa-register, kasama sina Jose at Maria.
   - 2.2 Kadiliman at walang katiyakan sa pagiging magulang ni Hesus.

3. Bakit hindi pinili ng Diyos na maipanganak si Hesus sa katahimikan at kapayapaan, ngunit sa panahon ng census, kung saan magulo at maingay?
   - 3.1 Gustong iparating sa atin ng Diyos na ang ating Diyos ay nag-anyong tao, pumasok sa sangkatauhan, sa gitna ng kaguluhan, ingay, kadiliman, at walang katiyakan. Ibig sabihin nito kung ang ating Pasko ay nasa ganitong sitwasyon, mananahan si Hesus sa ating buhay.
   - 3.2 Kaya, ang ating Pasko ay di kailangang payapa dahil ang Pasko ay hindi tungkol sa panlabas na kapayapaan. Tungkol ito sa katahimikan ng kalooban na nararamdaman sa gitna ng ingay, kaguluhan at kadiliman.
   - 3.3 Sumasagisag ang unang Pasko sa image ni Jose at Maria hawak si Hesus, tahimik na naglalayag sa gitna ng bagyo.

**Konklusyon:**

Ang Pasko sa ating kultura ay magulo, maingay, at punong-puno ng walang katiyakan sa darating na bagong taon, ngunit ang tunay na kapayapaan ay matatagpuan kay Hesu-Kristo. Ang taong 2026 ay mapanghamon para sa iba; ngunit, nakatitiyak tayo na si "Hesus ang ating kapayapaan."

**Pagninilay**:

1. Paano mo naintindihan ang Unang Pasko? Ganito rin ba ang pagkaintindi mo noon?
2. Dumadaan ka ba sa aspekto ng iyong buhay na may unresolved issues? Ano ang gumugulo sa iyo ngayon?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Sis Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests